THE LORD'S FLOCK
GROWTH DIGEST
PASTORAL GROWTH SERIES

## Paglalantad kay Satanas: Panghuli ng Daga (Pang - 6 na bahagi sa 8)

Sis Techie Rodriquez, Elder- Founder
Marso 10, 2021

Ang bitag ay isang pamaraan para mahuli o mapanatili ang hayop (bahagi man o buong katawan), na inaakit para makapasok ngunit walang labasan. Ang mga hayop, na may likas na ugali at magtanggol sa sarili, ay kayang umiwas dito para mabuhay. Sa kabilang banda, dapat malaman ng Kristyano na ang mga demonyo ay gumagamit ng mas nakamamatay ngunit banayad na paraan sa espirituwal na labanan, na ang likas na ugali ay hindi kasing bisa sa hayop. Kaya't, bilang Kristyano, dapat maingat tayo, protektahan ang ating sarili, at dapat mamulat tayo sa mga bitag ng Satanas.

**1. Mga paraan paano natin maprotektahan ang ating sarili kay Satanas. "**Huwag ninyong bibigyan ng pagkakataon ang demonyo" (Efeso 4:27); tayong mga Kristyano ay dapat huwag magbigay ng pagkakataon kay Satanas, at dapat itulad natin ang ating sarili sa may-ari ng bahay na nag-iingat sa mga magnanakaw. Dapat tayo ay:

**1.1 Kumuha ng magbantay sa bahay**. Ang Panginoon ang ating kaligtasan; hindi Niya tayo pababayaan na mahuli ng bitag (Kaw. 3:26).

**1.2 Kumuha ng guwardiya.** Si Jesus ang pinakamabuting espirituwal na guwardiya: "Ako'y laging kasama ninyo" (Mt. 28:20).

**1.3 Humingi ng tulong sa kapit-bahay.** Ang mga kapatid natin sa pananampalataya ay sasamahan tayo kay Cristo, at ipagdadasal nila tayo (Efe. 6:18).

**1.4 Siguruhing ligtas ang inyong mga bintana.** Protektahan natin ang ating sarili sa umaatungal na leon (1Pt. 5:8).

**1.5 Maglagay ng ilaw.** Palagi nating hilingin kay Jesus na maging ilaw natin Siya sa oras ng kadiliman (Jn. 12:46).

**1.6 Ibahagi ang iyong ilaw.** Ang buhay natin ay dapat maging ilaw din sa kapwa (Mt. 5:13).

**1.7 Maglagay ng doorbell camera.** Ang buhay natin, tulad ng salamin, ay nagiging sinag ng kaningningan ng Panginoon (2Cor. 3:18).

**1.8 Maglagay ng CCTV.** "Minamasdan niya ang buong daigdig upang tulungan at aliwin ang lahat ng tapat sa kanya" (2Cro. 16:9).

**1.9 Maglagay ng bakod.** Tayo ay tagabantay ng Diyos; pumasok tayo na ang puso'y nagdiriwang, umaawit at nagpupuri (Awit 100:4).

**2. Mga bitag ni Satanas na dapat nating alamin.**

**2.1 Bitag ng mga mungkahi.** Tuso ang paraan ni Satanas; madali siyang makapasok sa ating isipan.

**2.2 Bitag ng tukso.** Tanggalin ang lahat ng uri ng media na sanhi ng ating pagkakasala.

**2.3 Bitag ng hindi pagpapatawad.** Ang Diyos ay nagpapatawad, kaya't tayo rin ay dapat magpatawad.

**2.4 Bitag ng pagkabaha-bahagi.** "…magka-isa sa pananalita, isipa't layunin upang mawala ang pagkabaha-bahagi" (1Cor. 1:10).

**2.5 Bitag ng kayamanan.** Tinuturuan tayo ng Diyos na ingatan ang ating kayamanan (Lk. 12:15; Mt. 6:24; 1Tim 6:10).

(itutuloy…)

**3. Konklusyon**: Sa pang 6 na bahagi ng 8 seryeng ito, gumagamit si Satanas ng mga bitag para manalo sa espirituwal na labanan. Dapat ang Kristyano ay lagi niyang protektahan ang kanyang sarili tulad ng pagbabantay ng may-ari ng bahay at mag-iingat sa mga bitag ng kalaban. Itutuloy natin sa susunod na serye ang mga iba pang bitag ni Satanas.

**Pagninilay:**

1. Ano-ano ang mga posibleng pasukan ni Satanas sa inyong buhay?
2. Anong bitag na ang nakabiktima sa iyo?
3. Paano mo maiiwasan ang mga bitag na ito?

**Isinalin ni:** Sis. Nida A. Cruz
**Na-edit at inaprobahan ni:** Sis. Vera Tuplano
**For more teachings, visit our website:**
https://lordsflock.org/teachings/readingmaterials
Tags: #LabanangEspirituwal, #Kasamaan, #Tukso